

Pagtatakda at Pagpapanatili ng Limitasyon

Bahagi ng iyong trabaho bilang maypatrabaho ang magtakda ng mga inaasahan para sa iyong tagabigay.

Mga Limitasyon sa mga Gawain at Oras

- Huwag hilingin sa iyong tagabigay na gawin ang mga bagay o oras ng trabaho na hindi pa pinahihintulutan. Hindi magbabayad ang IHSS para sa mga hindi pinahintulutang gawain o karagdagang oras. Kung kailangan mo ng tulong sa mga gawaing hindi saklaw ng programa ng IHSS, tulad ng pag-aalaga ng mga alagang hayop, tulong sa mga surat o pananalapi, o pagsama sa mga aktibidad sa lipunan, baka gusto mong hilingin sa mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan na tulungan ka sa mga gawaing iyon. Kung magpapasiya kang kunin ang iyong tagabigay ng IHSS upang magtrabaho para sa iyo upang magbigay ng tulong sa mga gawaing hindi sakop ng IHSS, ikaw at ang iyong tagabigay ay may pananagutan na pumasok sa isang pinagkasunduang pagsasaayos ng trabaho at/o pagbabayad para sa tulong sa mga serbisyong hindi binabayaran ng IHSS.
- Magpakita ng propesyonal na pag-uugali kapag ang lugar ng trabaho ay isang tahanan.
- Ang iyong tagabigay ay hindi dapat magdala ng mga bata o ibang tao sa iyong tahanan. Ang iyong tahanan ay isang lugar ng trabaho, at ang kanyang trabaho ay ang magbigay ng mga serbisyo ng IHSS para sa iyo.
- Ang iyong tagabigay ay hindi dapat gumugol ng kanyang oras sa pagbisita kasama ka na sa halip na nagtatrabaho. Maaaring kailanganin na magalang na paalalahanan ang iyong tagabigay na manatili sa gawain.
- Dapat siyang magdala ng sarili niyang baon sa tanghalian o sa hapunan kung nagtatrabaho sa oras ng pagkain.
- Hindi niya dapat gamitin ang iyong ari-arian o mga kagamitan para sa kanyang sariling mga pangangailangan.

Pagprotekta sa iyong Pagkapribado

- Hindi dapat ibinabahagi ng iyong tagabigay ang iyong pangalan, address, numero ng telepono, kalusugan, sitwasyon ng pamilya, o mga pag-uugali sa sinumang hindi pinahintulutang tao.
- Mahalagang malaman ng iyong tagabigay ang tungkol sa iyong kondisyon sa kalusugan at mga kontak sa pamilya kung sakaling magkaroon ng emerhensiya.

Gayunpaman, panatilihing pribado ang iba pang personal na impormasyon.

- Ang iyong tagabigay ay hindi dapat magkaroon ng access sa iyong checkbook, mga bank account, mga credit card, impormasyon sa pananalapi, o sa pera na nakatabi sa iyong bahay.
- Dapat mong itabi ang anumang mahahalagang bagay sa isang ligtas na lugar at huwag sabihin sa iyong tagabigay kung saan ang mga ito nakatago.

Mga Bagay na Dapat Iwasan

- ✓ Huwag hayaang lagdaan ng iyong tagabigay ang iyong pangalan anumang oras.
- ✓ Huwag aprubahan ang isang timesheet na hindi tama.
- ✓ Huwag ibahagi ang impormasyon ng iyong bangko sa iyong tagabigay at huwag idagdag ang kanilang pangalan sa iyong mga savings, checking, o mga credit card account.
- ✓ Huwag ibahagi ang iyong Numero ng Social Security.
- ✓ Huwag kalimutang kolektahin at suriin ang iyong resibo kung magbibigay ka ng pera sa iyong tagabigay upang bumili ng isang bagay para sa iyo.
- ✓ Huwag mag-iwan ng mga mahahalagang bagay o importanteng mga dokumento sa isang nakikitang lokasyon.
- ✓ Huwag siyang pahiramin ng pera, sasakyan, o mga personal na gamit.
- ✓ Huwag makisali sa personal na buhay ng iyong tagabigay.

**Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa
iyong lokal na tanggapan ng IHSS ng county.**